（タガログ語）

令和４年（Taon）１０月（Buwan）２０日（Petsa）

Sa mga magulang

Komaki City
City Mayor　Yamashita Shizuo
Komaki City Board of Education
Education Superintendent　Nakagawa Nobuyoshi

## 学校給食費の無償化（令和４年１１月分～令和５年３月分）について（ご案内）
## (Impormasyon) Tungkol sa Libreng School Lunch Fee para sa (November 2022 ~ March 2023)

Kami po ay lubos na nagpapasalamat sa inyong pakikipag kooperasyon at pag-unawa sa mga aktibidad ng lungsod. At dahil sa biglang pagtaas ng halaga ng mga bilihin nitong mga nakaraan at sa sitwasyon na kinakailangang itaas din ang halaga ng School lunch fee na nagbago simula noong $2^{nd}$ Semester na ang halaga ng 1 meal sa Elementary ay 235 yen ⇒270 yen at sa Junior H.S naman ay 270 yen ⇒ 300 yen, ay babayaran po ng lungsod ang mga tumaas na bayarin para sa taong 2022 upang mabawasan ang pasanin ng mga magulang.

At sa layunin ng pagsusulong ng Childcare support, ay ipinapatupad din ang pagbibigay ng libreng School lunch fee simula sa pang -3 anak o higit pa (Isasagawa tuwing taon simula 2022).

At ngayon ay upang mabawasan ang mga gastusin ng mga magulang dahil sa pagtaas ng bilihin ay wala na pong babayarang School lunch fee ng mga mag-aaral sa Elementary at Junior H.S sa lungsod ng Komaki simula sa November 2022 hanggang March 2023 bilang pagtugon sa pagbibigay ng livelihood support na ipapatupad lamang sa lungsod ng Komaki. (Ang ibang bahagi ng financial resources ay magmumula sa tulong ng gobyerno para sa pagtataas ng bilihin)

At sisikapin din po naming ipagpatuloy na mapabuti pa ang patakarang pang edukasyon upang maging masigla at maging matiwasay ang pamumuhay sa paaralan ng mga kabataan na kinabukasan ng lungsod ng Komaki.

NOTES

〈学校給食費の無償化（令和４年度）〉 Libreng School lunch Fee (Taong 2022)

Upang mabawasan ang pasanin ng mga magulang ng mga mag-aaral sa Elementary at Junior H.S dahil sa pagtaas ng bilihin, ay magbibigay ng libreng School Lunch Fee para sa lahat ng mag-aaral ng Elementary at Junior H.S na ipapatupad lamang sa lungsod ng Komaki.

◆Period ng Libreng School Lunch Fee：Para sa buwan ng November 2022 ~ March 2023　(5 buwan)

◆Estimated amount ng bayarin sa School Lunch na magiging libre

小学生 Mag-aaral sa Elementary　270 円×87 Days＝23,490 円

中学生 Mag-aaral sa Junior H.S　300 円×87 Days＝26,100 円

（※Magkakaiba ang bilang ng araw depende sa paaralan, At ang calculation ay ibabase sa binagong halaga ng School lunch fee）